PhilRice at PCC nagkasundo para sa Palayamanan Plus

Nakatakdang ganapin ang ceremonial turn-over ng mga kalabaw sa Lunes, June 6, 1PM, sa Palayamanan Complex, PhilRice Central Experiment Station Muñoz, Nueva Ecija.

Ang nasabing turn-over ceremony ay bahagi ng Memorandum of Agreement ng PhilRice at Philippine Carabao Center sa ilalim *Intensified Rice-Based Agri-Biosystems* o *IRBAS program* kung saan nakapaloob ang sistemang Palayamanan Plus.

Ang Palayamanan Plus ay isang modelo kung saan pinagsasama ang palay, isda, *livestock*, at gulay sa iisang lugar na layuning gawing mas produktibo at maka-kalikasan ang proseso ng pagsasaka.

Ayon kay Rizal Corales, program leader ng IRBAS, malaki ang kontribusyon ng *livestock component* tulad ng kalabaw na *dairy* o gatasang kalabaw sa sistemang Palayamanan.

Ang mga kalabaw ay makapagbibigay ng gatas. Ang gatas mula sa kalabaw ay maaaring gamitin sa *dairy products* tulad ng *processed milk, yogurt, cheese* at *ice cream* na maaaring ibenta sa lokal na merkado.

Samantala, ang *rice straw* o dayami na madalas ay sinusunog lamang ng iba ay maaaring pakinabangan pa ng mga magsasaka bilang organikong materyal.

Sabi ni Corales, ang dayami ay maaaring ipakain sa mga kalabaw habang ang mga dumi naman ng kalabaw ay maaaring gawing organikong pampataba sa pamamagitan ng *vermicomposting*. Ito ngayon ay maaaring gamitin sa palayan o gulayan.

PhilRice Central Experiment Station, Maligaya, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija, Philippines | **Email**: prri.mail@philrice.gov.ph | **Trunkline**: (044) 456-0277 | **Telefax**: (044) 456-0112, 0648 | **PhilRice Text Center**: +63 920-911-1398 | **Website:** www. philrice.gov.ph | www.pinoyrkb.com| **Liaison Office**: 3rd Flr. ATI Bldg., Elliptical Road, Diliman, Quezon City | **Tel**: (02) 920-5129 | **Mobile**: 0920-906-9052

Paliwanag ni Corales, ang proyektong ito ay naglalayong pababain ang gastos ng mga magsasaka sa pagpapalay sa pamamagitan ng paggamit ng mga patapong materyal tulad ng dayami. Dahil diyan, ito ay inaasahang makatutulong upang tumaas ang kita ng mga magsasaka lalo na ang mga sumusunod sa sistemang Palayamanan.

Bukod sa kita, ito rin aniya ay makatutulong sa kalikasan dahil ang dayami ay nagkakaroon ng silbi imbes na sinusunog lamang.

Dagdag pa ni Corales, naging daan ang Palayamanan para sa mga ugnayan at pagtutulungan ng iba't ibang ahensya tulad ng PCC na naglalayong makatulong sa mga magsasakang Pilipino na itaas ang kalidad ng kanilang pamumuhay.

Para sa karagdagang impormasyon, magtext o tumawag sa PhilRice Text Center bilang 0920 911 1398.

PhilRice Central Experiment Station, Maligaya, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija, Philippines | **Email**: prri.mail@philrice.gov.ph | **Trunkline**: (044) 456-0277 | **Telefax**: (044) 456-0112, 0648 | **PhilRice Text Center**: +63 920-911-1398 | **Website:** www. philrice.gov.ph | www.pinoyrkb.com| **Liaison Office**: 3rd Flr. ATI Bldg., Elliptical Road, Diliman, Quezon City | **Tel**: (02) 920-5129 | **Mobile**: 0920-906-9052